INTERNATIONAL JOURNAL OF ADVANCED MULTIDISCIPLINARY STUDIES
Volume VI, Issue 7 July 2026, eISSN: 2799-0664

# Komparatibong Rebyu ng mga Piling Dulog at Pamamaraan sa Pagtuturo ng Wika: Kahulugan, Aplikasyon sa Silid-Aralan, at Implikasyon sa Pagtuturo at Pagkatuto

**JOSHUA R. SARMIENTO**
Bataan Peninsula State University
jrsarmiento@bpsu.edu.ph

**BINGO B. DELA CRUZ**
Bataan Peninsula State University
bbdelacruz@bpsu.edu.ph

*Abstract* — Sa mga programang pampagtuturo na nakatuon sa pagpapakadalubhasa sa wika sa ilalim ng Kolehiyo ng Edukasyon, mahalagang malinang sa mga gurong mag-aaral ang kamalayang metodolohikal at kasanayan sa pedagohikal na pagpapasya upang makapili ng angkop na mga dulog at pamamaraan sa pagtuturo ng wika. Gayunpaman, ang mga dulog at pamamaraang ito ay kadalasang inilalahad nang magkakahiwalay o sa loob ng malalawak na diskursong teoretikal, na nagdudulot ng hamon sa mga gurong mag-aaral sa paghahambing ng kahulugan, aplikasyon sa silid-aralan, at implikasyon ng mga ito sa pagtuturo at pagkatuto. Bilang hakbang sa pagharap sa hamong ito, binuo ang pag-aaral na nakatuon sa komparatibong rebyu ng mga piling dulog at pamamaraan sa pagtuturo ng wika. Gamit ang disenyong integratibong rebyu ng literatura, sinuri ang mga kaugnay na aklat, artikulo sa mga dyornal, batis sa edukasyong pangguro, at iba't ibang materyales sa pagtuturo ng wika sa pamamagitan ng kalitatibong pagsusuri sa nilalaman at komparatibong sintesis. Inihanay ang mga piling dulog at pamamaraan batay sa kahulugan, aplikasyon sa silid-aralan, at implikasyon ng mga ito sa pagtuturo at pagkatuto. Ipinakita ng mga natuklasan na binibigyang-diin ng mga tradisyonal na pamamaraan at ng mga pamamaraang nakatuon sa anyo at estruktura ng wika ang kawastuhan, pagpapaunlad ng talasalitaan, pag-unawa sa binasa, at ginagabayang pagsasanay. Samantala, higit na binibigyang-diin ng mga dulog na komunikatibo, nakabatay sa gawain, nakabatay sa nilalaman, kooperatibo, naturalistiko, at leksikal ang interaksiyon, pagiging matatas, pag-unawa, kolaborasyon, at awtentikong paggamit ng wika.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Inihayag din ng rebyu na walang iisang dulog o pamamaraan ang ganap na nakatutugon sa lahat ng pangangailangan sa pagkatuto ng wika. Samakatuwid, maaaring magsilbing kasangkapan sa pedagohikal na pagpapasya ang komparatibong balangkas upang matulungan ang mga gurong mag-aaral na maghambing, pumili, magsama-sama, at mag-angkop ng mga dulog at pamamaraan batay sa pangangailangan ng mga mag-aaral, layunin ng aralin, at umiiral na kalagayan ng pagtuturo.

***Mga mahalagang salita: dulog sa pagtuturo ng wika, pamamaraan sa pagtuturo ng wika, programang pangguro sa wika, komparatibong rebyu, pedagohikal na pagpapasya, gurong-mag-aaral sa wika***

## I. PANIMULA

Mahalagang bahagi ng propesyonal na paghahanda ng mga gurong-mag-aaral sa wika ang pagkakaroon ng matibay na kaalaman sa mga teorya ng pagtuturo at kakayahang makagawa ng mga pagpapasyang pedagohikal na nakabatay sa sapat na kaalaman at naaayon sa iba't ibang kalagayan ng pagtuturo at pagkatuto. Para sa mga gurong mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa wika ay mahalaga ang pagkakaroon ng sapat na kaalaman sa iba't ibang dulog at pamamaraan sa pagtuturo ng wika sapagkat naglalahad ang mga ito ng magkakaibang pananaw hinggil sa wika, pagkatuto, gampanin ng guro, pakikilahok ng mga mag-aaral, mga aktibidad na isinasagawa sa klase, at mga kagamitang pampagtuturo. Sa pamamagitan ng kaalamang ito ay nagkakaroon ang mga magiging guro sa wika ng batayan sa pagpili, pag-angkop, at pagpapatupad ng mga gawaing pampagtuturo na tumutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral, sa layunin ng aralin, at sa aktuwal na kalagayan ng pagtuturo at pagkatuto.

Bagaman karaniwang tinatalakay sa mga kursong pangguro at propesyonal na batis ang mga dulog at pamamaraan sa pagtuturo ng wika, kadalasang magkakahiwalay ang paglalahad sa mga ito o kaya naman ay nakapaloob sa malawak na diskursong teoretikal. Sa ganitong kalagayan ay maaaring mahirapan ang mga gurong mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa wika na matukoy ang pagkakaiba ng isang dulog o pamamaraan sa iba pa, lalo na batay sa konseptuwal na saligan, aplikasyon sa silid-aralan, at implikasyon sa pagtuturo at pagkatuto. Ipinakikita ng hamong ito ang

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

pangangailangan sa isang organisado at sistematikong sanggunian na maaaring magsilbing batayan sa malinaw na paghahambing ng mga dulog at pamamaraang ito. Matutugunan ng komparatibong rebyu ang pangangailangang ito sa pamamagitan ng maayos na paglalahad ng mga piling dulog at pamamaraan sa pagtuturo ng wika, na nagbibigay-diin sa mahahalagang katangian, pedagohikal na gamit, at implikasyon ng mga ito sa pagtuturo at pagkatuto.

Nakasandig ang pag-aaral na ito sa modelong *approach–design–procedure* o modelo ng dulog–disenyo–pamamaraan (*salin ng mananaliksik*) nina Richards at Rodgers (1982), na naglalahad ng sistematikong batayan sa pagsusuri ng mga dulog at pamamaraan sa pagtuturo ng wika. Sa modelong ito, ang *approach* o dulog ay tumutukoy sa mga saligang teorya hinggil sa wika at pagkatuto ng wika; ang *design* o disenyo ay tumutukoy sa mga layuning pampagtuturo, organisasyon ng silabus, gampanin ng mga mag-aaral at guro, at mga kagamitang panturo; samantalang ang *procedure* o pamamaraan ay tumutukoy sa mga teknik, pagsasanay, at aktibidad na isinasagawa sa silid-aralan. Ang balangkas na ito ay angkop sa kasalukuyang pag-aaral sapagkat nagsisilbi itong saligan sa komparatibong pagsusuri ng mga piling dulog at pamamaraan sa pagtuturo ng wika batay sa kanilang teoretikal na oryentasyon, estrukturang pedagohikal, at aktuwal na pagpapatupad sa silid-aralan.

Ginabayan din ang pag-aaral ng *postmethod pedagogy* o pedagohiyang lampas sa pamamaraan (*salin ng mananaliksik*) ni Kumaravadivelu (2001), na kumikilala na walang iisang pamamaraan ang ganap na nakasasaklaw sa magkakaibang pangangailangan ng mga mag-aaral at kalagayan ng pagtuturo. Sa halip na ituring ang mga pamamaraan bilang mga nakapirming tuntuning dapat sundin, binibigyang-diin ng postmethod pedagogy ang kahalagahan ng repleksiyon ng guro, pagiging sensitibo sa konteksto, at pag-angkop na nakabatay sa mga prinsipyong pedagohikal. Pinagtitibay ng pananaw na ito ang kasalukuyang pag-aaral sapagkat hindi layunin ng komparatibong balangkas na tukuyin ang nag-iisang pinakamahusay na pamamaraan. Sa halip, nilalayon nitong magsilbing praktikal at analitikal na gabay upang matulungan ang mga gurong mag-aaral sa wika na maunawaan, paghambingin, at iangkop ang iba't ibang dulog at pamamaraan batay sa mga tiyak na kalagayan sa pagtuturo.

Sistematikong nilikom sa pananaliksik ang mga piling dulog at pamamaraan sa pagtuturo ng wika sa isang komparatibong balangkas. Bagaman magkakahiwalay na tinatalakay sa mga

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

umiiral na sanggunian ang mga dulog at pamamaraang ito, inihanay ang mga ito sa kasalukuyang rebyu batay sa magkakatulad na kategorya ng pagsusuri: kahulugan, aplikasyon sa silid-aralan, at implikasyon sa pagtuturo at pagkatuto. Sa pamamagitan nito ay nabuo ang isang praktikal at nakabatay sa teoryang sanggunian na makatutulong sa mga gurong mag-aaral sa wika na lumampas sa payak na pagsasaulo ng mga paglalarawan ng bawat dulog at pamamaraan tungo sa paghahambing, pagtataya, pagpili, at pag-angkop ng mga mapagpipiliang dulog at pamamaraan batay sa mga layuning pampagtuturo at aktuwal na kalagayan ng pagtuturo at pagkatuto.

**Paglalahad ng Suliranin**

Layunin ng pag-aaral na suriin at pagsama-samahin ang mahahalagang kaalaman hinggil sa mga piling dulog at pamamaraan sa pagtuturo ng wika sa pamamagitan ng isang komparatibong rebyu na nakatuon sa kahulugan, aplikasyon sa silid-aralan, at implikasyon ng mga ito sa pagtuturo at pagkatuto.

Hinangad ng pag-aaral na masagot ang sumusunod na katanungan:

1. Ano-anong piling dulog at pamamaraan sa pagtuturo ng wika ang matatagpuan sa mga sinuring literatura sa pagtuturo ng wika at mga batis sa edukasyong pangguro?
2. Paano binibigyang-kahulugan sa literatura ang bawat piling dulog o pamamaraan sa pagtuturo ng wika?
3. Paano mailalapat sa pagtuturo ng wika ang bawat piling dulog o pamamaraan?
4. Ano-anong implikasyon sa pagtuturo at pagkatuto ang maaaring matukoy mula sa bawat piling dulog o pamamaraan sa pagtuturo ng wika?
5. Ano-anong pagkakatulad at pagkakaiba ang matutukoy sa mga piling dulog at pamamaraan sa pagtuturo ng wika batay sa kanilang kahulugan, aplikasyon sa silid-aralan, at implikasyon sa pagtuturo at pagkatuto?

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

## II. METODOLOHIYA

Isinakatuparan ang pananaliksik sa pamamagitan ng disenyong integratibong rebyu ng literatura at komparatibong sintesis upang suriin at paghambingin ang mga piling dulog at pamamaraan sa pagtuturo ng wika. Sinuri ang mga kaugnay na aklat, artikulo sa mga dyornal, batis sa edukasyong pangguro, at propesyonal na materyales sa pagtuturo ng wika.

Isinama sa rebyu ang mga batis na tumatalakay sa kahulugan, teoretikal na saligan, aplikasyon sa silid-aralan, at implikasyon sa pagtuturo at pagkatuto ng isang partikular na dulog o pamamaraan. Hindi naman isinama ang mga batis na walang tuwirang kaugnayan sa metodolohiya ng pagtuturo ng wika o hindi naglalaman ng sapat na talakayang pedagohikal.

Ang pagpili sa mga dulog at pamamaraan ay ibinatay sa madalas na paglitaw ng mga ito sa literatura hinggil sa pagtuturo ng wika at sa mga batis sa edukasyong pangguro. Inihanay sa isang komparatibong balangkas ang mga sinuring dulog at pamamaraan batay sa sumusunod na mga kategorya: dulog o pamamaraan sa pagtuturo ng wika, kahulugan, aplikasyon sa pagtuturo ng wika, at implikasyon sa pagtuturo at pagkatuto. Nagsilbing pangunahing gabay sa pagsusuri ang modelong *approach–design–procedure* nina Richards at Rodgers sa pagtalakay sa teoretikal na oryentasyon, disenyong pampagtuturo, at mga aktibidad na isinasagawa sa silid-aralan sa bawat dulog o pamamaraan.

Sinuri ang mga datos sa pamamagitan ng kalitatibong pagsusuri sa nilalaman at komparatibong sintesis. Ang mahahalagang impormasyong mula sa mga piling batis ay kinuha, pinangkat, at pinaghambing batay sa mga umuulit na katangian, tulad ng pananaw hinggil sa pagkatuto ng wika, gampanin ng guro at mag-aaral, mga gawain sa silid-aralan, kalakasan, limitasyon, at implikasyong pedagohikal.

Upang mapagtibay ang pagiging mapagkakatiwalaan ng pagsusuri, muling sinuri at pinagtugma ang mga tala sa komparatibong balangkas batay sa iba't ibang batis, tiniyak ang pagkakaayon ng mga ito sa mga layunin ng pag-aaral, at nilakipan ng wastong pagsipi. Pangunahing ginamit sa pagsusuri ang mga batayang aklat, artikulong dumaan sa masusing pagsusuri ng mga dalubhasa, at kinikilalang sanggunian sa pagtuturo ng wika. Ginamit lamang bilang karagdagang materyales ang mga propesyonal na batis sa pagtuturo, partikular sa

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

pagpapaliwanag ng aplikasyon sa silid-aralan at pagbibigay ng mga halimbawang nakatuon sa gawain ng guro.

## III. RESULTA NG PANANALIKSIK

**Katanungan sa Pananaliksik Blg. 1: Mga Piling Dulog at Pamamaraan sa Pagtuturo ng Wika na Natukoy sa mga Sinuring Literatura**

**TALAHANAYAN BLG. 1**
**PAG-UURI NG MGA PILING DULOG AT PAMAMARAAN**

| **Kategorya** | **Mga Piling Dulog at Pamamaraan** |
|---|---|
| Mga Tradisyonal at Naunang Pamamaraan | *Grammar-Translation Method, Direct Method, Audio-Lingual Method* |
| Mga Dulog na Komunikatibo at Nakatuon sa Kahulugan | *Communicative Language Teaching, Task-Based Language Teaching* |
| Mga Dulog na Nakabatay sa Nilalaman at *Input* | *Content-Based Instruction, Natural Approach* |
| Mga Pamamaraang Nakabatay sa Kilos at Interaksiyon | *Total Physical Response, Cooperative Language Learning* |
| Dulog na Nakatuon sa Talasalitaan | *Lexical Approach* |

Natukoy sa rebyu ang sampung piling dulog at pamamaraan sa pagtuturo ng wika na matatagpuan sa mga sinuring literatura hinggil sa pagtuturo ng wika at mga batis sa edukasyong pangguro. Kabilang dito ang *Grammar-Translation Method, Audio-Lingual Method, Direct Method, Communicative Language Teaching, Task-Based Language Teaching, Content-Based*

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

*Instruction, Natural Approach, Total Physical Response, Cooperative Language Learning*, at *Lexical Approach*. Inuri ang mga dulog at pamamaraang ito sa mga sumusunod na kategorya: tradisyonal at nakatuon sa anyo at estruktura ng wika; komunikatibo at nakatuon sa kahulugan; nakabatay sa nilalaman at *input*; nakabatay sa kilos at interaksiyon; at nakatuon sa talasalitaan. Ipinakikita ng pag-uuring ito ang iba't ibang oryentasyong pedagohikal na maaaring pagpilian ng mga gurong mag-aaral sa wika, mula sa mga pamamaraang nakabatay sa estruktura at pinangungunahan ng guro hanggang sa mga dulog na higit na komunikatibo, nakasentro sa mag-aaral, kolaboratibo, at umaangkop sa umiiral na kalagayan ng pagtuturo at pagkatuto.

**Katanungan sa Pananaliksik Blg. 2-4: Kahulugan, Aplikasyon sa Silid Aralan, at Implikasyon sa Pagtuturo at Pagkatuto**

**TALAHANAYAN BLG. 2**
**PAGKAKATUGMA NG MGA KATEGORYA SA KOMPARATIBONG BALANGKAS AT NG MODELONG APPROACH–DESIGN–PROCEDURE NINA RICHARDS AT RODGERS**

| **Bahagi ng Modelo nina Richards at Rodgers** | **Pokus ng Pagsusuri sa Pag-aaral** | **Katumbas na Kategorya sa Komparatibong Balangkas** |
|---|---|---|
| *Approach* o Dulog | Mga pananaw hinggil sa wika at pagkatuto ng wika, gayundin ang mga teoretikal na palagay | Kahulugan |
| *Design* o Disenyo | Gampanin ng guro at mag-aaral, mga layuning pampagtuturo, kagamitang panturo, at organisasyon ng klase | Aplikasyon sa Pagtuturo ng Wika |
| *Procedure* o Pamamaraan | Mga teknik, gawain, pagsasanay, gawaing pampagkatuto, paraan ng interaksiyon, at mga gawaing pampagtuturo sa klase | Aplikasyon sa Pagtuturo ng Wika |
| Pedagohikal na Pagpapakahulugan | Mga kalakasan, limitasyon, kaugnayan sa iba't ibang kalagayan ng pagtuturo, at maaaring maitulong sa pagkatuto ng wika | Implikasyon sa Pagtuturo at Pagkatuto |

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Upang maging malinaw ang ginamit na balangkas sa pagsusuri, iniugnay ang mga kategorya ng komparatibong balangkas sa modelong *approach–design–procedure* nina Richards at Rodgers. Ang kategoryang kahulugan ay tumutugma sa bahaging *approach* o dulog sapagkat inilalahad nito ang teoretikal na oryentasyon at mga palagay hinggil sa wika at pagkatuto. Ang kategoryang aplikasyon sa pagtuturo ng wika ay sumasaklaw sa mga bahaging *design* o disenyo at *procedure* o pamamaraan sapagkat inilalarawan nito ang gampanin ng guro at mag-aaral, organisasyon ng klase, mga gawaing pampagtuturo, at paraan ng pagsasagawa ng mga ito. Samantala, pinalalawak ng kategoryang implikasyon sa pagtuturo at pagkatuto ang pagsusuri sa pamamagitan ng pagpapakahulugan sa mga kalakasan, limitasyon, at kaugnayan ng bawat dulog o pamamaraan sa iba't ibang kalagayan ng pagtuturo at pagkatuto ng wika.

**TALAHANAYAN BLG. 3**
**KOMPARATIBONG REBYU NG MGA PILING DULOG AT PAMAMARAAN SA PAGTUTURO NG WIKA**

| Dulog o Pamamaraan sa Pagtuturo ng Wika | Kahulugan | Aplikasyon sa Pagtuturo ng Wika | Implikasyon sa Pagtuturo at Pagkatuto |
|---|---|---|---|
| *Grammar-Translation Method* | Itinuturing ng *Grammar-Translation Method* ang pagkatuto ng wika bilang prosesong kinasasangkutan ng maunawaing pagbasa, pag-unawa sa mga nakasulat na teksto, at pagsasaulo ng talasalitaan (Djauhar, 2021). | Maaaring ilapat ang pamamaraang ito sa pamamagitan ng mga gawaing pagsasalin, pagsasaulo ng talasalitaan, pagsasanay sa balarila, mga gawaing nakatuon sa pag-unawa sa binasa, at pagsusuri ng mga nakasulat na teksto. Maaaring ipasalin ng guro sa mga mag-aaral ang mga pangungusap o sipi mula sa simulaing wika patungo sa tunguhing wika o *vice versa*. | Nakatutulong ang pamamaraang ito sa pagpapaunlad ng kawastuhang balarila, kaalaman sa talasalitaan, at maunawaing pagbasa. Gayunpaman, maaaring maging limitado ang pagkakataon ng mga mag-aaral para sa pasalitang pakikipagtalastasan, interaksiyon, at kusang paggamit ng wika sa mga tunay na sitwasyon. |
| *Audio-Lingual Method* | Binibigyang-diin ng *Audio-Lingual* | Maaaring ilapat ang pamamaraang ito sa | Napauunlad ng pamamaraang ito ang |

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

| | | | |
|---|---|---|---|
| | *Method* ang paglinang ng kahusayan sa tunguhing wika sa pamamagitan ng pakikinig, pagsasaulo, at paulit-ulit na pagsasanay sa mga pahayag at talasalitaang nakapaloob sa mga diyalogong inihahanda ng guro (Djauhar, 2021). | pamamagitan ng paulit-ulit na pagbigkas, pagsasaulo ng diyalogo, pagsasanay sa pagbigkas, pagsasanay sa mga hulwaran ng pangungusap, at pagpapalit ng mga salita o bahagi ng pangungusap. Sinasanay ang mga mag-aaral na makinig nang mabuti at ulitin ang mga estruktura ng wika hanggang sa malinang ang kawastuhan at awtomatikong pagtugon. | pagbigkas, kasanayan sa pakikinig, at kaalaman sa mga hulwaran ng pangungusap. Gayunpaman, maaari nitong malimitahan ang pagkamalikhain at makabuluhang pakikipagtalastasan kung nakatuon lamang ang mga mag-aaral sa pagsasaulo at pag-uulit ng mga estruktura nang hindi nauunawaan ang paggamit ng mga ito sa tunay na konteksto. |
| *Direct Method* | Binibigyang-diin ng *Direct Method* ang mga kasanayan sa pakikinig at pagsasalita upang matulungan ang mga mag-aaral na tuwirang makipagtalastasan gamit ang tunguhing wika (Djauhar, 2021). | Maaaring ilapat ang *Direct Method* sa pamamagitan ng paggamit ng tunguhing wika bilang pangunahing midyum ng pagtuturo. Maaaring gumamit ang guro ng mga tunay na bagay, larawan, demonstrasyon, gawaing tanong at sagot, at pasalitang pagsasanay upang maunawaan ng mga mag-aaral ang kahulugan nang hindi umaasa sa pagsasalin. | Itinataguyod ng pamamaraang ito ang pagiging matatas sa pagsasalita, pag-unawa sa napakinggan, at tiwala sa paggamit ng tunguhing wika. Hinihikayat din nito ang mga mag-aaral na mag-isip nang tuwiran sa tunguhing wika. Gayunpaman, maaari itong maging mahirap para sa mga nagsisimulang mag-aaral na nangangailangan pa ng suporta mula sa kanilang unang wika. |
| *Communicative Language Teaching* | Ang *Communicative Language Teaching* ay isang dulog na nakatuon sa paglinang ng kakayahang komunikatibo sa pamamagitan ng paglahok ng mga mag-aaral sa | Maaaring ilapat ang dulog na ito sa pamamagitan ng pagsasadula, panayam, mga gawaing may puwang sa impormasyon, pangkatang talakayan, paglutas ng suliranin, at | Napauunlad ng dulog na ito ang kakayahang komunikatibo, pagiging matatas, tiwala sa sarili, at makabuluhang interaksiyon ng mga mag-aaral. Inililipat din nito ang pokus mula sa payak na kaalaman sa |

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

| | | | |
|---|---|---|---|
| | makabuluhan at malayuning paggamit ng wika (Canale & Swain, 1980; Richards & Rodgers, 2014). | pagsasagawa ng mga sitwasyong sumasalamin sa tunay na pakikipagtalastasan. Hinihikayat ang mga mag-aaral na gamitin ang wika upang magpahayag ng ideya, linawin at unawain ang kahulugan, at makipag-ugnayan sa iba. | mga tuntuning pambarila tungo sa angkop na paggamit ng wika sa panlipunan at praktikal na mga sitwasyon. |
| *Task-Based Language Teaching* | Ang *Task-Based Language Teaching* ay isang dulog na nag-oorganisa ng pagtuturo batay sa mga makabuluhang gawain na ginagamit ng mga mag-aaral ang tunguhing wika upang makamit ang tiyak na layuning komunikatibo (Ellis, 2003; Nunan, 2004). | Maaaring ilapat ang dulog na ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga gawaing may tiyak na layunin, tulad ng pagpaplano ng isang programa, pagsasagawa ng sarbey, paglutas ng suliranin, pagbuo ng presentasyon, pagsulat ng ulat, o pagsasagawa ng gawaing sumasalamin sa tunay na buhay gamit ang tunguhing wika. | Itinataguyod ng dulog na ito ang aktibong paggamit ng wika, kalayaan ng mga mag-aaral, kolaborasyon, at kakayahan sa paglutas ng suliranin. Nagbibigay-daan ito upang matutuhan ng mga mag-aaral ang wika sa likas na paraan habang isinasagawa ang mga makabuluhang gawain. Gayunpaman, kinakailangang maingat na idisenyo ng guro ang mga gawain upang matiyak na nakakamit ang mga layunin sa pagkatuto ng wika. |
| *Content-Based Instruction* | Ang *Content-Based Instruction* ay isang dulog na nagtuturo ng wika sa pamamagitan ng makabuluhang paksa o nilalaman (Peachey, n.d.). | Maaaring ilapat ang dulog na ito sa pamamagitan ng pag-uugnay ng pagkatuto ng wika sa mga paksa mula sa panitikan, agham, kasaysayan, kultura, kasalukuyang pangyayari, at iba pang larangan. Natututuhan ng mga mag-aaral ang talasalitaan, balarila, pagbasa, pagsulat, pagsasalita, at pakikinig habang pinag-aaralan | Nakatutulong ang dulog na ito sa pagpapaunlad ng kasanayan sa wika at kaalaman sa nilalaman. Nagiging higit na makabuluhan at may layunin ang pagkatuto ng wika. Gayunpaman, nangangailangan ito ng maingat na pagpili ng mga materyales na naaayon sa antas ng kasanayan sa wika at pangangailangang |

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | ang makabuluhang nilalaman. | akademiko ng mga mag-aaral. |
| *Natural Approach* | Ang *Natural Approach* ay nakabatay sa paniniwalang nagaganap ang pagtatamo ng wika kapag nakatatanggap ang mga mag-aaral ng *input* na kanilang nauunawaan. Binibigyang-diin nito ang pag-unawa sa binasa at napakinggan, lalo na para sa mga nagsisimulang mag-aaral (Krashen & Terrell, 1983). | Maaaring ilapat ang *Natural Approach* sa pamamagitan ng paglalantad sa mga mag-aaral sa makabuluhan at nauunawaang wikang nagmumula sa mga kuwento, pag-uusap, biswal na materyales, gawaing pakikinig, babasahin, at pananalita ng gurong iniangkop sa kanilang antas. Hindi agad pinipilit ang mga mag-aaral na magsalita; sa halip, binibigyan sila ng pagkakataong gumamit ng wika kapag handa na sila. | Nababawasan ng dulog na ito ang pagkabalisa ng mga mag-aaral at sinusuportahan ang unti-unting paglinang ng kanilang kakayahan sa wika. Inuuna nito ang pag-unawa bago ang paglikha ng wika, na maaaring makatulong sa mga nagsisimulang mag-aaral na magkaroon ng tiwala sa sarili. Gayunpaman, nangangailangan ito ng panahon at pagtitiyaga sapagkat maaaring higit na mabagal ang paglinang ng kasanayan sa pagsasalita. |
| *Total Physical Response* | Ang *Total Physical Response* ay isang pamamaraang nag-uugnay sa pagkatuto ng wika, pisikal na pagkilos, at pagsunod sa mga panuto (Frost, 2004). | Maaaring ilapat ang pamamaraang ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga panutong tinutugunan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng kilos ng katawan, tulad ng “tumayo,” “buksan ang aklat,” “ituro ang pinto,” o “lumakad patungo sa pisara.” Maaari din itong gamitin sa mga laro, awiting may kilos, karaniwang gawain sa klase, at mga gawaing nagtuturo ng talasalitaan sa pamamagitan ng pagkilos. | Sinusuportahan ng pamamaraang ito ang pag-unawa, pagpapanatili ng impormasyon sa memorya, at aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral, lalo na ng mga nagsisimula at batang mag-aaral. Binabawasan nito ang pagkabalisang nararanasan ng mga mag-aaral upang magsalita kaagad at nagiging higit na interaktibo ang proseso ng pagkatuto. Gayunpaman, maaaring hindi ito gaanong angkop sa pagtuturo ng mga abstraktong konsepto o mas mataas na kasanayan sa wika. |

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Volume VI, Issue 7 July 2026, eISSN: 2799-0664

| | | | |
|---|---|---|---|
| *Cooperative Language Learning* | Ang *Cooperative Language Learning* ay isang dulog na gumagamit ng gawaing may kapares o pangkatan upang masuportahan ang pagkatuto ng wika sa pamamagitan ng pagtutulungan (Jacobs, 2004). | Maaaring ilapat ang dulog na ito sa pamamagitan ng mga gawaing may kapares, pangkatang talakayan, pagtuturuan ng magkaklase, gawaing *jigsaw*, kolaboratibong pagsulat, pangkatang presentasyon, at sama-samang paglutas ng suliranin. Nagtutulungan ang mga mag-aaral at ginagamit ang wika upang magbahagi ng ideya, linawin ang kahulugan, at tapusin ang mga gawaing pampagkatuto. | Napauunlad ng dulog na ito ang kasanayan sa pakikipagtalastasan, pagtutulungan, panlipunang interaksiyon, at pananagutan ng mga mag-aaral. Nagkakaroon sila ng pagkakataong matuto mula sa isa't isa. Gayunpaman, kinakailangang tiyakin ng guro ang pantay na pakikilahok at maayos na pamamahala sa bawat pangkat. |
| *Lexical Approach* | Ang *Lexical Approach* ay isang dulog na nagbibigay-diin sa leksikon, kolokasyon, mga pangkat ng salitang karaniwang magkakasama, at mga pormularyong pahayag bilang mahahalagang bahagi ng pagkatuto at matatas na paggamit ng wika (Lewis, 1993, 1997). | Maaaring ilapat ang dulog na ito sa pamamagitan ng pagtuturo ng mga karaniwang kombinasyon ng salita, kolokasyon, idyoma, hulwaran ng pangungusap, pangkat ng mga salita, at mga pormularyong pahayag. Maaaring gumamit ang guro ng mga awtentikong teksto, gawaing nagpapapansin sa mga padron ng wika, talaarawan ng talasalitaan, at mga pagsasanay na tumutulong sa mga mag-aaral na makilala at magamit ang mga likas na padron ng wika. | Nakatutulong ang dulog na ito sa pagpapaunlad ng pagiging matatas, lawak ng talasalitaan, at pagiging natural ng pagpapahayag. Binibigyang-diin nito na ang pagkatuto ng wika ay hindi lamang nakasalalay sa kaalaman sa mga tuntuning pambalarila kundi maging sa pag-unawa kung paano karaniwang magkakasama at ginagamit ang mga salita sa makatotohanang pakikipagtalastasan. |

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Volume VI, Issue 7 July 2026, eISSN: 2799-0664

Batay sa modelong *approach–design–procedure* nina Richards at Rodgers, mauunawaan ang pagkakaiba ng mga piling dulog at pamamaraan sa tatlong pangunahing aspekto. Sa antas ng dulog, nagkakaiba ang mga ito sa mga pananaw at palagay hinggil sa wika at pagkatuto ng wika. Itinuturing ng ilan ang wika bilang isang sistema ng mga tuntunin at estruktura, samantalang kinikilala naman ito ng iba bilang kasangkapan sa pakikipagtalastasan, interaksiyon, pagkatuto ng nilalaman, at leksikal na pagpapahayag.

Sa antas ng disenyo, nagkakaiba ang mga ito sa mga gampaning iniaatas sa guro at mga mag-aaral. Sa ilang pamamaraan, ang guro ang nagsisilbing pangunahing awtoridad at huwaran, samantalang sa iba ay ginagampanan niya ang papel bilang tagapagpadaloy, tagapagdisenyo ng mga gawain, tagapaglaan ng *input*, o tagapamahala ng kolaboratibong pagkatuto.

Sa antas ng pamamaraan, nagkakaiba ang mga ito sa mga aktibidad na isinasagawa sa silid-aralan, mula sa pagsasalin, pagsasaulo, pag-uulit, at mga pagsasanay hanggang sa pagsasadula, pagsasagawa ng mga aktibidad, pag-uugnay ng nilalaman, pagtugon sa pamamagitan ng pagkilos, pangkatang gawain, at awtentikong pakikipagtalastasan.

Ipinakikita ng komparatibong balangkas na nagkakaiba ang mga piling dulog at pamamaraan sa pagtuturo ng wika hindi lamang sa mga gawaing isinasagawa sa silid-aralan kundi maging sa mga saligang pananaw ng mga ito hinggil sa wika, pagkatuto, at pagtuturo. Ang *Grammar-Translation Method*, *Audio-Lingual Method*, at *Direct Method* ay karaniwang nagpapakita ng higit na kontrolado at pinangungunahan ng guro, bagama't magkakaiba ang binibigyang-diin ng bawat isa. Pangunahing pinagtutuunan ng *Grammar-Translation Method* ang mga nakasulat na teksto, tuntuning pambalarila, at pagsasalin; nakatuon naman ang *Audio-Lingual Method* sa pagbuo ng gawi sa pamamagitan ng pag-uulit at mga pagsasanay; samantalang binibigyang-diin naman ng *Direct Method* ang pasalitang paggamit ng tunguhing wika nang hindi umaasa sa pagsasalin. Nananatiling mahalaga ang mga pamamaraang ito sa pagtuturo, lalo na kung layunin ng aralin ang paglinang ng kawastuhan sa balarila, talasalitaan, wastong pagbigkas, maunawaing pagbasa, at ginagabayang pasalitang paggamit ng wika.

Sa kabilang banda, ang *Communicative Language Teaching*, *Task-Based Language Teaching*, *Cooperative Language Learning*, *Content-Based Instruction*, *Natural Approach*, *Total Physical Response*, at *Lexical Approach* ay kumakatawan sa mas malawak na pagtuon sa

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Volume VI, Issue 7 July 2026, eISSN: 2799-0664

kahulugan, interaksiyon, pag-unawa, kolaborasyon, at awtentikong paggamit ng wika. Sa mga dulog na ito, ang mga mag-aaral ay hindi lamang tumatanggap ng kaalaman sa wika kundi aktibong nakikilahok sa pagbuo at paglilinaw ng kahulugan, pagsasagawa ng mga aktibidad, pagtugon sa *input*, pakikipagtulungan sa kapuwa mag-aaral, at paggamit ng wika sa mga kalagayang may tiyak na layunin. Kaugnay nito, hindi lamang bilang pangunahing awtoridad ang gampanin ng guro kundi bilang tagapagpadaloy, tagapagdisenyo ng mga gawain, tagapaglaan ng *input*, at tagapamahala ng mga makabuluhang karanasan sa pagkatuto.

Ipinahihiwatig pa ng paghahambing na nakasalalay ang kabuluhan ng bawat dulog o pamamaraan sa pagkakaayon nito sa mga pangangailangan at antas ng kasanayan ng mga mag-aaral, mga layunin ng aralin, at kalagayan ng silid-aralan. Maaaring maging kapaki-pakinabang ang mga pamamaraang nakatuon sa anyo at estruktura ng wika sa paglinang ng kawastuhan at kamalayan sa estruktura, ngunit kinakailangang samahan ang mga ito ng mga pagkakataon para sa komunikasyon. Samantala, maaaring malinang ng mga dulog na nakatuon sa kahulugan at nakasentro sa mag-aaral ang pagiging matatas, tiwala sa sarili, at interaksiyon, ngunit nangangailangan ang mga ito ng maingat na pagpaplano upang matiyak na nabibigyan din ng sapat na pansin ang anyo at kawastuhan ng wika. Sa kabuoan, sinusuportahan ng komparatibong balangkas ang pananaw ng *postmethod pedagogy* o pedagohiyang lampas sa pamamaraan sapagkat ipinakikita nito na hindi nakakamit ang mabisang pagtuturo ng wika sa mahigpit na pagsunod sa iisang pamamaraan kundi sa maalam na pagpili, pagsasama, at pag-angkop ng mga pamamaraan batay sa mga tiyak na layuning pedagohikal.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Volume VI, Issue 7 July 2026, eISSN: 2799-0664

**TALAHANAYAN BLG. 4**
**ANALITIKAL NA SINTESIS NG MGA PILING DULOG AT PAMAMARAAN SA PAGTUTURO NG WIKA**

| **Oryentasyon** | **Mga Dulog o Pamamaraan** | **Pangunahing Diing Pedagohikal** | **Posibleng Limitasyon** |
|---|---|---|---|
| Nakatuon sa anyo at pinangungu-nahan ng guro | *Grammar-Translation Method, Audio-Lingual Method, Direct Method* | Kawastuhan, balarila, talasalitaan, mga hulwaran ng pangungusap, pagbigkas, at ginagabayang pagsasanay | Maaaring malimitahan ang kusang-loob na pakikipagtalastasan at kalayaan ng mga mag-aaral kung ang mga pamamaraang ito lamang ang gagamitin. |
| Nakatuon sa kahulugan at komunikatibo | *Communicative Language Teaching, Task-Based Language Teaching* | Pagiging matatas, interaksiyon, komunikasyong may layunin, at pagkumpleto ng mga gawain | Nangangailangan ng maingat na pagtitimbang sa katatasan at kawastuhan |
| Nakatuon sa nilalaman at *input* | *Content-Based Instruction, Natural Approach* | Makabuluhang *input*, pagkaunawa, kaalaman sa nilalaman, at gradwal na paglinang ng kasanayan sa wika | Nangangailangan ng angkop na mga materyales, sapat na paggabay, at mga pagkakataon para sa produksiyon ng wika |
| Nakatuon sa pagkilos at kolaborasyon | *Total Physical Response, Cooperative Language Learning* | Aktibong pakikilahok, pagpapanatili ng impormasyon sa memorya, interaksiyon sa kapuwa mag-aaral, at magkatuwang na pananagutan | Maaaring mangailangan ng mahusay na pamamahala sa klase at hindi matugunan ang lahat ng pangangailangan sa mas mataas na antas ng kasanayan sa wika |
| Nakatuon sa leksikon | *Lexical Approach* | Mga kolokasyon, pangkat ng mga salita, pormularyong pahayag, at pagiging natural ng pagpapahayag | Dapat itong samahan ng pagtuturo ng balarila at komunikatibong paggamit ng wika. |

Ipinakikita ng analitikal na sintesis na maaaring ituring ang mga piling dulog at pamamaraan bilang magkakatuwang na pagpipilian sa halip na magkakatunggali. Tinutugunan ng

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

bawat oryentasyon ang tiyak na aspekto ng pagkatuto ng wika. Sinusuportahan ng mga pamamaraang nakatuon sa anyo at estruktura ang kawastuhan at wastong paggamit ng mga estruktura ng wika; itinataguyod naman ng mga dulog na komunikatibo at nakabatay sa gawain ang makabuluhang interaksiyon; pinalalakas ng mga dulog na nakatuon sa nilalaman at *input* ang pag-unawa at pagkatutong nakaugnay sa makabuluhang kalagayan; sinusuportahan ng mga pamamaraang nakatuon sa pagkilos at kolaborasyon ang aktibong pakikilahok; at pinauunlad ng *Lexical Approach* ang pagiging matatas at pagiging natural ng pagpapahayag.

Ipinahihiwatig nito na kailangang malinang ng mga gurong mag-aaral sa wika ang kakayahang umangkop sa pagpili at paggamit ng mga pamamaraan. Kabilang dito ang pagtukoy kung aling dulog o pamamaraan ang angkop sa isang tiyak na layuning pampagtuturo at kung paano ito maaaring pagsamahin sa iba pang dulog upang maisulong ang balanseng paglinang ng mga kasanayan sa wika.

**Katanungan sa Pananaliksik Blg. 5: Mga Pagkakatulad at Pagkakaiba ng mga Piling Dulog at Pamamaraan**

**TALAHANAYAN BLG. 5**
**KOMPARATIBONG SINTESIS NG MGA PILING DULOG AT PAMAMARAAN SA PAGTUTURO NG WIKA**

| **Batayan ng Paghahambing** | **Mga Pagkakatulad** | **Mga Pagkakaiba** |
|---|---|---|
| Pananaw sa Wika | Layunin ng lahat ng dulog at pamamaraan na masuportahan ang pagkatuto ng wika. | Itinuturing ng ilan ang wika bilang sistema ng balarila at estruktura, samantalang tinitingnan naman ito ng iba bilang kasangkapan sa pakikipagtalastasan, interaksiyon, pagkatuto ng nilalaman, o paggamit ng leksikon. |

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

| | | |
|---|---|---|
| Gampanin ng Guro | Nangangailangan ang lahat ng dulog at pamamaraan ng pagpaplano at paggabay ng guro. | Maaaring gumanap ang guro bilang awtoridad, huwaran, tagapagpadaloy, tagapagdisenyo ng mga gawain, tagapaglaan ng *input*, at tagapamahala ng pangkat. |
| Gampanin ng Mag-aaral | Inaasahang makikilahok ang mga mag-aaral sa proseso ng pagkatuto. | Sa ilang pamamaraan, itinuturing ang mga mag-aaral bilang tagatanggap ng kaalaman, samantalang sa iba ay aktibo silang gumagamit ng wika, nakikipagtulungan, at bumubuo ng kahulugan. |
| Mga Gawain sa Silid-Aralan | Gumagamit ang lahat ng dulog at pamamaraan ng mga planadong gawaing pampagtuturo. | Maaaring kabilang sa mga gawain ang pagsasalin, pagsasanay, pagsasaulo, pagsasadula, pagsasagawa ng mga aktibidad, talakayan, pagkilos, at mga proyektong kolaboratibo. |
| Implikasyon sa Pagtuturo at Pagkatuto | Maaaring makatulong sa pagkatuto ng wika ang lahat ng dulog at pamamaraan kapag angkop ang paggamit sa mga ito. | Nakabatay ang pagiging mabisa ng mga ito sa antas at pangangailangan ng mga mag-aaral, layuning pampagtuturo, kalagayan ng silid-aralan, at pag-aangkop na isinasagawa ng guro. |

Ipinakikita ng komparatibong sintesis na nagkakaisa ang mga piling dulog at pamamaraan sa layuning mapadali ang pagkatuto ng wika. Gayunpaman, nagkakaiba ang mga ito sa pananaw hinggil sa wika, gampanin ng guro at mag-aaral, mga gawain sa silid-aralan, at mga pangunahing pagpapahalagang pedagohikal. Karaniwang binibigyang-diin ng mga tradisyonal na pamamaraan ang kawastuhan, mga tuntunin, at ginagabayang pagsasanay. Samantala, higit na pinagtutuunan ng mga dulog na komunikatibo, nakabatay sa gawain, kooperatibo, at leksikal ang pagiging

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

matatas, interaksiyon, kolaborasyon, at natural na paggamit ng wika. Binibigyang-linaw ng mga pagkakaibang ito ang kahalagahan ng maingat na pagpapasyang pedagohikal sa pagtuturo ng wika.

Ipinahihiwatig ng mga natuklasan na hindi dapat ituring ng mga gurong mag-aaral sa wika ang mga dulog at pamamaraan sa pagtuturo bilang mga nakapirmi o magkakatunggaling pagpipilian. Sa halip, dapat maunawaan ang mga ito bilang mga gabay na pedagohikal na maaaring piliin, iangkop, o pagsamahin batay sa mga pangangailangan at antas ng kasanayan ng mga mag-aaral, mga layunin ng aralin, magagamit na kagamitang panturo, at aktuwal na kalagayan sa silid-aralan. Sinusuportahan nito ang pananaw ng *postmethod pedagogy* o pedagohiyang lampas sa pamamaraan na hinihikayat ang mga guro na gumawa ng repleksyon at maging sensitibo sa kalagayan ng mga pagpapasyang pampagtuturo sa halip na umasa sa iisang itinakdang pamamaraan.

Nilimitahan ang rebyung ito sa mga piling dulog at pamamaraan sa pagtuturo ng wika na matatagpuan sa mga sinuring literatura at batis sa edukasyong pangguro. Bilang isang integratibong rebyu na nakabatay sa komparatibong balangkas, hindi sinukat sa pag-aaral ang pagiging mabisa ng bawat dulog o pamamaraan sa aktuwal na pagtuturo sa silid-aralan. Samakatuwid, dapat unawain ang mga natuklasan bilang isang sintesis na pedagohikal at hindi bilang empirikal na paghahambing ng mga kinalalabasan ng pagtuturo.

## IV. KONKLUSYON

Pinagtitibay ng rebyung nakabatay sa komparatibong balangkas na hindi dapat ituring ang mga dulog at pamamaraan sa pagtuturo ng wika bilang magkakahiwalay, nakapirmi, o magkakatunggaling tuntuning dapat sundin. Sa halip, kumakatawan ang mga ito sa magkakaibang oryentasyong pedagohikal na maaaring gumabay sa mga guro sa pag-unawa kung paano natututuhan ang wika, kung paano maisasaayos ang pagtuturo, at kung paano mahihikayat ang mga mag-aaral na gamitin ang wika sa makabuluhang paraan. May halaga sa pagtuturo ang bawat dulog o pamamaraan depende sa mga layunin sa pagkatuto, katangian at antas ng kasanayan ng mga mag-aaral, aktuwal na kalagayan ng pagtuturo at pagkatuto, at magagamit na mga kagamitan.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Volume VI, Issue 7 July 2026, eISSN: 2799-0664

Ipinakikita rin ng pag-aaral na ang mabisang pagtuturo ng wika ay hindi nakasalalay sa eksklusibong paggamit ng iisang pamamaraan, kundi sa kakayahan ng guro na pumili, magsama, at mag-angkop ng mga dulog ayon sa mga tiyak na pangangailangan sa pagtuturo. Maaaring makatulong ang mga tradisyonal na pamamaraan sa paglinang ng kawastuhan, talasalitaan, pag-unawa sa binasa, at kamalayan sa estruktura ng wika. Samantala, maaaring mapalakas ng mga dulog na komunikatibo, nakabatay sa gawain, nakabatay sa nilalaman, kooperatibo, naturalistiko, at leksikal ang interaksiyon, pagiging matatas, pag-unawa, kolaborasyon, at awtentikong paggamit ng wika. Binibigyang-diin nito ang kahalagahan ng kakayahang umangkop sa pagpili at paggamit ng mga pamamaraan sa paghahanda ng mga gurong mag-aaral sa wika.

Sa mas malawak na pananaw, nagsisilbi ang komparatibong balangkas bilang kasangkapan sa pedagohikal na pagpapasya ng mga gurong mag-aaral sa wika. Sa pag-uugnay ng mga kahulugan, aplikasyon sa silid-aralan, at implikasyon sa pagtuturo at pagkatuto, nakatutulong ito upang mapaglapit ang teorya at praktika. Hinihikayat din nito ang mga magiging guro na lumampas sa pagsasaulo ng mga paglalarawan ng bawat pamamaraan tungo sa mapagnilay at sensitibo sa kalagayang pagpapasyang pampagtuturo. Samakatuwid, nakapag-aambag ang pag-aaral sa edukasyong pangguro sa wika sa pamamagitan ng isang organisado at praktikal na sanggunian na sumusuporta sa kamalayang metodolohikal, replektibong pagtuturo, at pagsasagawa ng pagtuturong nakabatay sa mga prinsipyong pedagohikal.

## V. REKOMENDASYON

Batay sa mga natuklasan at konklusyon ng pag-aaral, hinihikayat ang mga gurong mag-aaral sa wika na gamitin ang komparatibong balangkas bilang gabay sa pag-unawa, paghahambing, at pagtataya sa mga piling dulog at pamamaraan sa pagtuturo ng wika. Sa halip na pagsasaulo lamang ng mga kahulugan, mahalagang suriin nila kung paano mailalapat ang bawat dulog o pamamaraan sa aktuwal na pagtuturo at kung paano ito makatutugon sa mga tiyak na pangangailangan at antas ng kasanayan ng mga mag-aaral, layunin ng aralin, kasanayang pangwika, at kalagayan ng silid-aralan.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Volume VI, Issue 7 July 2026, eISSN: 2799-0664

Maaaring isama ng mga guro at programang pangguro sa wika ang mga gawaing nakabatay sa komparatibong balangkas sa mga kursong nakatuon sa metodolohiya ng pagtuturo ng wika, *microteaching*, pag-aaral sa larangan, at pagsasanay sa pagtuturo. Sa pamamagitan ng mga komparatibong balangkas, talakayan sa klase, demonstrasyon sa pagtuturo, at simulasyon ng mga gawaing pampagtuturo, magagabayan ang mga gurong mag-aaral sa pagtukoy sa mga kalakasan, limitasyon, at angkop na gamit ng iba't ibang dulog at pamamaraan. Makatutulong ito sa paglinang ng kanilang kamalayang metodolohikal, mapagnilay na pag-iisip, at kasanayan sa pedagohikal na pagpapasya.

Maaaring palawakin at patunayan ng mga susunod na mananaliksik ang komparatibong balangkas sa pamamagitan ng pagsasama ng iba pang dulog sa pagtuturo ng wika, mga bagong modelo ng pagtuturo, mga estratehiyang gumagamit ng teknolohiya, mga pedagohiyang multilingguwal, at mga gawaing pampagtuturo ng wika na tumutugon sa kultura. Maaari ding siyasatin sa mga susunod na pag-aaral kung paano nakaaapekto ang mga rebyung nakabatay sa komparatibong balangkas sa pag-unawa, pagpaplano ng aralin, pagpili ng estratehiya, at pagpapasyang pampagtuturo ng mga gurong mag-aaral. Sa ganitong paraan ay makapaglalaan ng empirikal na ebidensiya hinggil sa kabuluhan ng mga komparatibong balangkas sa paghahanda ng mga guro sa wika.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

## TALASANGGUNIAN


[1.] Canale, M., & Swain, M. (1980). Theoretical bases of communicative approaches to second language teaching and testing. *Applied Linguistics, 1*(1), 1–47. https://doi.org/10.1093/applin/I.1.1

[2.] Djauhar, R. (2021). The grammar translation method, the direct method, and the audio-lingual method. *Langua: Journal of Linguistics, Literature, and Language Education*, *4*(1), 84–88. https://doi.org/10.5281/zenodo.4642999

[3.] Ellis, R. (2003). *Task-based language learning and teaching*. Oxford University Press.

[4.] Frost, R. (2004, January). Total physical response - TPR. *TeachingEnglish*. https://www.teachingenglish.org.uk/professional-development/teachers/managing-lesson/total-physical-response-tpr

[5.] Jacobs, G. M. (2004, September). Cooperative learning: Theory, principles, and techniques. *Paper presented at the First International Online Conference on Second and Foreign Language Teaching and Research*. https://files.eric.ed.gov/fulltext/ED573881.pdf

[6.] Krashen, S. D., & Terrell, T. D. (1983). *The natural approach: Language acquisition in the classroom.* Alemany Press. https://eric.ed.gov/?id=ED230069

[7.] Kumaravadivelu, B. (2001). Toward a postmethod pedagogy. *TESOL Quarterly*, *35*(4), 537–560. https://doi.org/10.2307/3588427

[8.] Lewis, M. (1993). *The lexical approach: The state of ELT and a way forward*. Language Teaching Publications.

[9.] Lewis, M. (1997). *Implementing the lexical approach: Putting theory into practice*. Language Teaching Publications.

[10.] Nunan, D. (2004). *Task-based language teaching*. Cambridge University Press.


Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

[11.] Richards, J. C., & Rodgers, T. S. (1982). Method: Approach, design, and procedure. *TESOL Quarterly*, *16*(2), 153–168. https://doi.org/10.2307/3586789

[12.] Richards, J. C., & Rodgers, T. S. (2014). *Approaches and methods in language teaching* (3rd ed.). Cambridge University Press.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved